Interesado ka bang tumakbo bilang kandidato sa Seattle?

Ngayon, mayroong nang bagong paraan upang pondohan ang iyong kampanya!

INoong 2017, inilunsad ng Lungsod ng Seattle (City of Seattle) ang Democracy Voucher Program, na lumikha ng mapagkukunan ng pondo upang makatakbo para sa posisyon o sumuporta ang mga residente ng Seattle sa kanilang mga pipiliing kandidato.

Kailan ang susunod na halalan ng Lungsod ng Seattle (City of Seattle)?
Ang susunod na halalan ng Lungsod ng Seattle (City of Seattle) ay sa 2019. Ang pitong pwestong paglalabanan para sa konseho ng lungsod (city council) ay maaaring gumamit ng pondo na galling sa Democracy Voucher Program.

Kailan maaaring magsimulang magkwalipika ang mga kandidato para sa Democracy Voucher Program?
Maaaring magsimulang mangolekta ng mga kontribusyon upang magkwalipika para sa Democracy Voucher Program simula Enero 1, 2018.

Ilang karapat-dapat na kontribusyon ang kailangan upang magkwalipika para sa programa?
Ang mga kandidatong tumatakbo para sa posisyon sa konseho ng lungsod ng distrito ay kailangang makakolekta ng hindi bababa sa 150 kontribusyon mula sa mga residente ng Seattle. Dapat manggaling sa distrito ng kandidato ang pitumpu't limang kontribusyon.

Ano ang kinakailangang patakaran ukol sa paninirahan para sa mga kandidato?
Dapat nakatira ang mga kandidato sa distritong nais nilang katawanin na hindi kukulangin sa 120 araw bago mag-file para sa posisyon. Ang huling araw para sa residency ay Enero 17, 2019.

Paano ako magsisimula?
Bago magsimula o mag-anunsyo ng kampanya, pakiugnayan ang Seattle Ethics and Elections Commission para sa karagdagang impormasyon o upang mag-iskedyul ng pagsasanay sa pangangampanya.

Makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang impormasyon o upang mag-iskedyul ng pagsasanay:

Democracy Voucher Program

(206) 727-8855
democracyvoucher@seattle.gov
seattle.gov/democracyvoucher